

Abiso ng Tanggapan ng Komisyon sa Pambansang Pagsasahimpapawid at Telekomunikasyon (NBTC)**Patungkol sa: Mga Tuntunin at Pamamaraan sa Pagtatalaga ng Frequency para sa Mga Serbisyo sa Komunikasyong Panradyo**

Sapagka't naangkop na tukuyin ang mga tuntunin at pamamaraan sa pagtatalaga ng frequency (frequency assignment) para sa mga serbisyo sa komunikasyong panradyo para sa kaalaman ng lahat ng mga sektor sa mga tuntunin at pamamaraan na iniatas ng Komisyon sa Pambansang Pagsasahimpapawid at Telekomunikasyon para sa konsiderasyon sa pagtatalaga ng frequency sa serbisyo sa komunikasyong panradyo, bilang isang serbisyo na makakatulong sa pagsuporta sa pagpaunlad at seguridad ng bansa.

Sa bisa ng mga probisyon sa ilalim ng Seksyon 27 (4), (24) at Seksyon 81 ng Batas sa Organisasyon sa Pagtatalaga ng Radio Frequency at Pangangasiwa sa Mga Serbisyong Pagsasahimpapawid at Telekomunikasyon ng 2010, kasama ang Seksyon 11 ng Batas sa Komunikasyong Panradyo ng 1955, na sinusugan ng Batas sa Komunikasyong Panradyo ng 1992, ang Komisyon sa Pambansang Pagsasahimpapawid at Telekomunikasyon ay samakatuwid nagtutukoy na ang mga tuntunin at pamamaraan sa pagtatalaga ng frequency para sa mga serbisyo sa komunikasyong panradyo ay ang mga sumusunod.

Takda 1 Ang lahat ng Mga Abiso ng Komisyon sa Pambansang Pagsasahimpapawid at Telekomunikasyon na may kaugnayan sa Mga Tuntunin sa Paglisensiya at Pangangasiwa ng Mga Serbisyo sa Citizens Band Radio, Mga Tuntunin at Pamamaraan sa Paglisensiya para sa Paggamit ng Mga Radio Frequency sa Mga Fixed Service na nasa 71 – 76 GHz band at 81 – 86 GHz band, Mga Tuntunin sa Paglisensiya sa Paggamit ng Mga Radio Frequency para sa Pansamantalang Eksperimento o Pagsusuri sa Mga Serbisyo sa Komunikasyong Panradyo at Mga Telekomunikasyon, at Kagamitan at sa Komunikasyong Panradyo at Istasyon na Eksempet sa Pagkalisensiya ay pinahayagan sa pagpapatupad bago ang epektibong petsa ng Abiso na ito upang maging mas epektibo hangga't hindi sumasalungat o nagbibigay kontradiksyon sa mga patakaran na tinukoy dito.

Takda 2 Sa Abisong ito,

Ang “Serbisyo sa Komunikasyong Panradyo” ay nangangahulugang isang serbisyo para sa pagtanggap at pagpapadala ng mga palatandaan, senyales, kasulatan, mga numero, mga imahe, mga tunog, mga kodigo o anumang bagay na maaaring matanggap sa pamamagitan ng sistema ng radio frequency na inilaan para sa mga espesyal na pangyayari sa telekomunikasyon o layunin na ad-hoc na hindi pumapatungkol sa Negosyo sa Telekomunikasyon, o sa Batas sa Mga Serbisyo sa Sound o Pantelebisyong Pagsasahimpapawid na nasa ilalim ng Batas sa Mga Negosyong Pagsasahimpapawid at Telebisyon.

Ang “Pagtatalaga ng Frequency” ay nangangahulugang isang awtorisasyon na ibinigay para sa mga istasyon ng komunikasyon panradyo upang magamit ang mga radio frequency o mga channel ng radio na tinukoy sa Talaan ng Mga Alokasyon ng Frequency o Plano sa Radio Frequency para sa paggamit sa ilalim ng mga kondisyon na iniatas ng NBTC.

Ang “Pagtatalaga sa Bagong Frequency” ay nangangahulugang isang awtorisasyon na ibinigay para sa mga istasyon ng komunikasyon panradyo upang magamit ang mga radio frequency o mga channel ng radio na tinukoy sa Talaan ng Mga Alokasyon ng Frequency o Plano sa Radio Frequency para sa paggamit sa ilalim ng mga kondisyon na iniatas ng NBTC. Ang aplikante sa pagtatalaga ng frequency ay hindi kailanman natalagaan ng naturang radio frequency.

Ang “Pagtatalaga ng Frequency sa Pagpapalit ng Pangunahing Frequency” ay nangangahulugang isang awtorisasyon na ibinigay para sa mga istasyon ng komunikasyon panradyo upang magamit ang mga radio frequency o mga channel ng radio na tinukoy sa Talaan ng Mga Alokasyon ng Frequency o Plano sa Radio Frequency sa pagpapalit ng mga pangunahing radio frequency; sa kaso kung saan ang NBTC ay nag-uutos bawiin ang mga radio frequency sa ilalim ng Abiso ng NBTC sa Pagpapabuti ng Paggamit ng Radio Frequency o Solusyon sa Problema sa Radio Frequency Usage Interference na nasa ilalim ng mga kondisyon na iniatas ng NBTC.

Ang “Pagtatalaga sa Pagbabahagi ng Frequency” ay nangangahulugang isang awtorisasyon na ibinigay para sa mga istasyon ng komunikasyon panradyo upang ibahagi sa ibang mga tao na nakatalaga sa paggamit ng radio frequency o mga radio channel na itinakda sa Talaan ng Mga Alokasyon ng Frequency o Plano sa Radio Frequency para sa pagkakagamit ng nasa ilalim na mga kondisyon na iniatas ng NBTC. Ang nasabing paggamit sa pagbabahagi ay ang paggamit ng likas na katangiang pagkakagamit ng parehas na network o sa likas na katangian na nagoverlap sa paggamit na lugar.

Ang “Pagtatalaga sa Pansamantalang Frequency” ay nangangahulugang pagtatalaga ng radio frequency sa awtorisatong tagal na hindi hihigit sa 180 na araw (isang daan at walumpu’t na araw) sa ilalim ng alinman sa mga sumusunod na mga layunin.

- (1) Para sa paggamit bilang demo na sumusuporta sa pag-bid o demo sa eksibisyon;
- (2) Para sa pag-aaral, pananaliksik, eksperimento o pagsusuri;
- (3) Para sa pangangalaga ng key person sa panahon ng pagbisita sa Thailand;
- (4) Para sa joint military maneuver sa ibang mga bansa;
- (5) Para sa pagsuporta sa mga espesyal na aktibidad;
- (6) Para sa iba pang mga layunin tulad ng tinukoy ng NBTC

Ang “Aplikasyon sa Paglisensiya sa Paggamit ng Frequency na Tinukoy para sa Ad Hoc Sharing” ay nangangahulugang aplikasyon sa paglisensiya sa pagbabahagi ng paggamit ng mga istasyon sa komunikasyong panradyo, at paggamit ng mga radio frequency o mga radio channel sa ilalim ng mga kaugnay na Mga Abiso ng NBTC, kasama ang taong itinalaga para sa iba pang radio frequency sa mga serbisyo ng ad hoc tulad ng serbisyong mass media at serbisyong pampublikong kawanggawa, radio frequency para sa lokal na organisasyon ng pangangasiwa, center frequency para sa pakikipag-ugnay at koordinasyon sa pagitan ng mga ahensya ng gobyerno at mga tao, at iba pa.

Ang “Pagbabago sa Saklaw ng Lisensiya ng Pagtatalaga ng Pangunahing Frequency” ay nangangahulugang pagsasaayos sa paggamit ng lugar o pagsasaayos sa bilang ng mga istasyon ng komunikasyong panradyo o pagbabawas ng mga kalapit na espasyo ng channel o pagbabawas ng bandwidth o pagbabawas sa transmitting power ng mga kagamitan sa komunikasyong panradyo o pagbabawas ng taas ng antenna gamit ang mga nakaraang naitalagang mga radio frequency o mga radio channel, at paggamit sa ilalim ng nakaraang layunin.

Kabanata 1

Aplikasyon sa Pagtatalaga ng Frequency

Takda 3 Ang aplikasyon sa pagtatalaga ng frequency ay dapat maisakatuparan sa alinman sa mga sumusunod na mga layunin.

- 3.1 Para sa Pang-estadong Seguridad sa ilalim ng Abiso ng Komisyon sa Pambansang Pagsasahimpapawid at Telekomunikasyon para sa Patnubay sa Pagtatalaga ng Service Frequency sa Komunikasyong Panradyo para sa Pang-estadong Seguridad;
- 3.2 Para sa pag-aaral o pangkultura o pampublikong kapakanan;
- 3.3 Para sa pagsuporta sa mga negosyo sa pagsasahimpapawid, pantelebisyon, o pantelekomunikasyon;
- 3.4 Para sa panloob na pamamahala ng mga ahensiya o pansuporta sa mga misyon ng ahensiya;
- 3.5 Para sa paggamit sa paglalarawan ng demo sa suporta sa pag-bid o ilustrasyon ng demo sa eksibisyon;
- 3.6 Para sa pag-aaral, pananaliksik, eksperimento o pagsusuri;
- 3.7 Para sa pangangalaga ng key person sa panahon ng pagbisita sa Thailand;
- 3.8 Para sa joint military maneuver sa ibang mga bansa;
- 3.9 Para sa pagsuporta sa mga espesyal na aktibidad;
- 3.10 Para sa iba pang mga layunin tulad ng tinukoy ng NBTC

Takda 4 Ang Mga Uri ng Aplikasyon sa Pagtatalaga ng Frequency ay ang mga sumusunod.

- 4.1 Aplikasyon sa Pagtatalaga sa Bagong Frequency
- 4.2 Aplikasyon sa Pagtatalaga ng Frequency sa Pagpapalit ng Pangunahing Frequency
- 4.3 Aplikasyon sa Pagtatalaga sa Pagbabahagi ng Frequency
- 4.4 Aplikasyon sa Pagtatalaga sa Pansamantalang Frequency
- 4.5 Aplikasyon sa Paglisensiya sa Paggamit ng Frequency na Tinukoy para sa Ad Hoc Sharing
- 4.6 Aplikasyon sa Pagbabago sa Saklaw ng Lisensiyang Pagtatalaga ng Pangunahing Frequency

Takda 5 Ang aplikante ng pagtatalaga ng frequency ay dapat magtaglay ng alinman sa mga sumusunod na kwalipikasyon.

- 5.1 Pagiging isang administratibong ahensiya, negosyong pang-estado, o ahensiya ng pamahalaan;
- 5.2 Pagiging isang juristic person na itinakda sa ilalim ng Mga Batas ng Thailand.
- 5.3 Pagiging likas na tao;
- 5.4 Pagiging isang Dalubhasang Ahensiya ng United Nations, Tanggapan ng Pandaigdigang Komite ng Red Cross, embahada ng embahador, embahada ng apostolikong nunsyo, embahada, pangkalahatang konsulado, at konsulado;

5.5 Pagiging internasyonal na organisasyon na may tanggapan sa Thailand at sa ilalim ng Batas sa Proteksiyon ng Operasyon sa Organisasyon na itinatakda ng Pamahalaang Thai para lamang sa nasabing internasyonal na organisasyon;

Takda 6 Pagpaparehistro para sa aplikasyon sa identification number para sa aplikante ng pagtatalaga ng frequency at pagbabago sa rehistradong impormasyon

Ang aplikante ng pagtatalaga ng frequency na hindi pa nagkaroon ng identification number o kinakailangan para sa pagbabago sa nakarehistrong impormasyon ay dapat magsumite ng application form at dokumentaryong katibayan na tinukoy ng Tanggapan ng NBTC kabilang ang mga sumusunod.

6.1 Sa kaso ng administratibong ahensiya, negosyong pang-estado, o ahensiya ng pamahalaan, bilang halimbawa

6.1.1 Opisyal na liham ng administratibong ahensiya, negosyong pang-estado, o ahensiya ng pamahalaan ay dapat lagdaan ng pinuno ng administratibong ahensiya sa mga antas na ministro, kawanihan, kagawaran, pinakamataas na ehekutibo ng negosyong pang-estado, o pinakamataas na ehekutibo ng ahensiya ng gobyerno, kung kinakailangan.

6.1.2 Opisyal na liham ng administratibong ahensiya sa ilalim ng Ministro ng Tanggulan ay dapat lagdaan ng Permanenteng Kalihim ng Ministro ng Tanggulan, Chief Aide-de-Camp General, ang Komandante Heneral ng King Security Command, Pinuno ng Pangasiwaan ng Joint Communications sa ilalim ng Punong-himpilan ng Royal Thai Arm, Pinuno ng Kagawaran sa Pansignal sa ilalim ng Royal Thai Army, Naval Communications at Information Technology Department sa ilalim ng Royal Thai Navy, Direktor ng Pangasiwaan ng Komunikasyon at Elektroniks sa ilalim ng Royal Thai Air Force, kung kinakailangan.

6.1.3 Opisyal na liham mula sa ahensiya ng kapulisan ay dapat lagdaan ng Komandante ng Police Communications Division sa ilalim ng Royal Thai Police

6.2 Sa kaso ng juristic person na itinakda sa ilalim ng batas:

6.2.1 Ang dokumentaryong katibayan na nagpapakita ng legal na kalagayan tulad ng kopya ng kasunduan sa pagtatatag ng juristic body, o kopya ng komersyal na pagpaparehistro, o kopya ng limitadong sertipiko ng pagpaparehistro ng kasosyo, kopya ng sertipiko ng pagpaparehistro ng taong may kinalaman sa batas o kopya ng asosasyon o sertipiko ng pagpaparehistro ng pagkakatatag, at kopya ng sertipiko ng listahan ng mga samahan o mga miyembro ng komite ng pagkakatatag, kung kinakailangan.

6.2.2 Kopya ng identification card at kopya ng pagpaparehistro ng bahay ng awtorisadong tagapirma o ng awtorisadong tao na kumikilos para sa ngalan o ng awtorisadong tao, kung kinakailangan;

6.2.3 Kapangyarihan ng Abogado, at kopya ng identification card at kopya ng pagpaparehistro ng bahay ng proxy at ng abugado sa kaso ng awtorisasyon na kumatawan;

6.3 Sa kaso ng likas na tao:

6.3.1 Kopya ng identification card o kopya ng iba pang mga card na pinagtibay ng mga batas para sa paggamit sa kapalit ng identification card, at kopya ng pagpaparehistro ng bahay ng aplikante ng lisensya;

6.3.2 Kapangyarihan ng Abogado, at kopya ng identification card at kopya ng pagpaparehistro ng bahay ng proxy at ng abugado sa kaso ng awtorisasyon na kumatawan;

6.4 Sa kaso ng Dalubhasang Ahensiya ng United Nations, Tanggapan ng Pandaigdigang Komite ng Red Cross, Embahada, Embahada ng Apostolikong Nunsiyo, Pangkalahatang Konsulado, at Konsulado; katulad ng Opisyal na liham mula sa Kalihiman ng Punong Ministro o Kagawaran sa Protokol, Ministro ng Ugnayang Panlabas, na may lagda ng pinuno ng ahensiya, kung kinakailangan.

6.5 Sa kaso ng internasyonal na organisasyon na may tanggapan sa Thailand at sa ilalim ng Batas sa Proteksiyon ng Operasyon sa Organisasyon na itinatakda ng Pamahalaang Thai para lamang sa nasabing pamahalaan, katulad ng Opisyal na liham mula sa nasabing internasyonal na organisasyon, na may lagda ng pinuno ng ahensiya o ng itinalagang tao, kung kinakailangan;

Matapos matanggap ng Tanggapan ng NBTC ang mga kumpletong dokumento, ang Tanggapan ng NBTC ay magtutukoy ng identification number para sa aplikante ng pagtatalaga ng frequency.

Takda 7 Pagsumite ng aplikasyon para sa pagtatalaga ng frequency

Ang nagbabalak na aplikante sa pagtatalaga ng frequency na nagtataglay ng kwalipikasyon sa ilalim ng Takda 5 na naipatupad sa ilalim ng Takda 6 ay maaaring magsumite ng aplikasyon ayon sa mga sumusunod na detalye.

7.2 Application Form

7.1.1 Ang aplikante sa pagtatalaga ng frequency ay dapat magsumite ng aplikasyon base sa form na tinukoy ng Tanggapan ng NBTC sa pamamagitan ng pagpunan ng tama at kumpletong detalye ng impormasyon sa application form.

7.1.2 Ang aplikasyon ay dapat lagdaan ng aplikante sa pagtatalaga ng frequency at ng awtorisadong tao na kumakatawan. Maliban sa kaso ng mga administratibong ahensiya, negosyong pang-estado, ahensiya ng pamahalaan; Dalubhasang Ahensiya ng United Nations, Tanggapan ng Pandaigdigang Komite ng Red Cross, embahada ng embahador, embahada ng apostolikong nunsiyo, embahada, pangkalahatang konsulado, konsulado, at mga internasyonal na organisasyon, kasama ang tanggapan sa Thailand at sa ilalim ng Batas sa Proteksiyon ng Operasyon sa Organisasyon na isinabatas ng Pamahalaan ng Thailand para sa mga nasabing organisasyon, ang mga sumusunod na tao ay dapat maglagda.

7.1.2.1 Sa kaso ng mga administratibong ahensiya, negosyong pang-estado, o pangkalahatang ahensiya ng pamahalaan, ang aplikasyon ay dapat lagdaan ng pinuno ng administratibong ahensiya sa antas ng ministro, kawanihan at kagawaran, pinakamataas na ehekutibo ng negosyong pang-estado, o pinakamataas na ehekutibo ng ahensiya ng gobyerno, kung kinakailangan.

7.1.2.2 Sa kaso ng ahensiya ng militar, ang aplikasyon ay dapat lagdaan ng Permanenteng Kalihim ng Ministro ng Tanggulan, Chief Aide-de-Camp General, ang Komandante Heneral ng King Security Command, Pinuno ng Pangasiwaan ng Joint Communications sa ilalim ng Punong-himpilan ng Royal Thai Arm, Pinuno ng Kagawaran sa Pansignal sa ilalim ng Royal Thai Army, Naval Communications at Information Technology Department sa ilalim ng Royal Thai Navy, Direktor ng Pangasiwaan ng Komunikasyon at Elektroniks sa ilalim ng Royal Thai Air Force, kung kinakailangan.

7.1.2.3 Sa kaso ng ahensiya ng kapulisan, ang aplikasyon ay dapat lagdaan ng Komandante ng Police Communications Division sa ilalim ng Royal Thai Police.

7.1.2.4 Sa kaso ng Dalubhasang Ahensiya ng United Nations, Tanggapan ng Pandaigdigang Komite ng Red Cross, embahada ng embahador, embahada ng apostolikong nungsiyo, embahada, pangkalahatang konsulado, konsulado, ang aplikasyon ay dapat lagdaan ng Kalihim ng Punong Minitro o Direktor-Heneral ng Kagawaran sa Protokol, kung kinakailangan.

7.1.2.5 Sa kaso ng internasyonal na organisasyon na may tanggapan sa Thailand at sa ilalim ng Batas sa Proteksiyon ng Operasyon sa Organisasyon na itinatakda ng Pamahalaang Thai para lamang sa nasabing internasyonal na organisasyon; ang aplikasyon ay dapat lagdaan ng pinuno ng ahensiya o ng nakatalagang tao, kung kinakailangan.

7.2 Dokumentaryong katibayan para sa pansuporta sa aplikasyon sa pagtalaga ng frequency

Ang aplikante sa pagtalaga ng frequency ay dapat magsumite ng dokumentaryong katibayan na magagamit pansuporta sa aplikasyon sa pagtalaga ng frequency na tinukoy sa Annex

7.3 Lugar ng pagsusumitihan ng aplikasyon

Ang aplikante sa pagtalaga ng frequency ay dapat magsumite ng aplikasyon kalakip ang mga dokumentaryong katibayan sa:

7.3.1 Tanggapan ng NBTC, No. 87 Phahon Yothin Alley 8 (Sai Lom) Road, Samsen Nai Sub-district, Phaya Thai District, Bangkok 10400

7.3.2 Panrehiyong Tanggapan ng NBTC at Pandistritong Tanggapan of the NBTC

7.3.3 Iba pang mga channel na tinukoy ng Tanggapan ng NBTC

Takda 8 Mga Pamamaraan ng Pagpapatakbo at Mga Hakbang

8.1 Ang Tanggapan ng NBTC ay dapat suriin ang aplikasyon at mahahalagang dokumentaryong katibayan na kinakailangan para sa paggamit ng lisensiya kung ito ay wasto at kumpleto sa batay sa ilalim ng Takda 7, bago ipanukala ang bagay para sa konsiderasyon at pag-apruba sa pagtatalaga ng frequency.

Kung sakaling lumabas na ang kinakailangang dokumentaryong katibayan para sa pansuportang konsiderasyon sa ilalim ng Takda 7 ay hindi tama, hindi kumpleto, o hindi sapat, ang Tanggapan ng NBTC ay ipagbibigay-alam sa pamamagitan ng pagsulat sa aplikante sa pagtatalaga ng frequency sa loob ng pitong araw mula sa natanggap na petsa ng aplikasyon para sa paghahatid ng karagdagang mahalagang dokumentong katibayan sa loob ng pitong araw na panahon mula sa natanggap na petsa ng nakasulat na paunawa. Kung ang aplikante sa pagtatalaga ng frequency ay nabigo upang maihatid ang karagdagang dokumentaryong katibayan alinsunod sa naabisuhan ng Tanggapan ng NBTC, ang Tanggapan ng NBTC ay magbabalik nng naturang aplikasyon sa nasabing aplikante at ipaalam sa pamamagitan ng nakasulat na paunawa na nabanggit ang kadahilanan ng pagbalik sa nasabing aplikasyon . Gayunpaman, ang karapatan ng nasabing aplikante na muling magsumite ng aplikasyon ay hindi dapat ipagkait.

8.2 Kung sakaling ang aplikasyon at dokumentaryong katibayan ay wasto at kumpleto, ang Tanggapan ng NBTc ay dapat ipagbigay abiso sa aplikante ng pagtalaga sa frequency ang paraan ng pagbabayad sa kabayaran para sa konsiderasyon ng aplikasyon na tinukoy.

8.3 Ang Tanggapan ng NBTC ay dapat magbigay abiso sa resulta ng konsiderasyon sa pagtalaga ng frequency sa aplikante para sa pagkilala sa loob ng pitong araw mula sa petsa ng pagkumpleto ng konsiderasyon.

8.4 Kung sakaling ang aplikasyon ay naikonsidera at naaprubahan, ang Tanggapan ng NBTC ay dapat magbigay abiso sa aplikante ng pagtatalaga ng frequency ang paraan ng pagbabayad ng kaugnay na kabayaran. Matapos matanggap ng Tanggapan ng NBTC ang kabayaran, ito ay dapat magbigay ng iskediyul na petsa ng pagiging epektibo ng pagtalaga ng frequency at ang pagkabisa ng pagtatalaga sa frequency, at mag-isyu ng mga ebidensya para sa pagtalaga ng frequency, at ang paglisensiya sa mga komunikasyong panradyo (if mayroon man) sa aplikante ng pagtatalaga ng frequency.

8.5 Sa kaso na ang aplikante sa pagtalaga ng frequency ay nasa proseso ng pagkuha ng mga kagamitan sa komunikasyong panradyo o lokasyon ng istasyon ng komunikasyong panradyo, ang mga sumusunod ay dapat maisakatuparan na kasama sa Takda 8.1.

8.5.1 Ang aplikante sa pagtalaga ng frequency ay dapat magtukoy ng simulang petsa ng pagtalaga ng frequency at mga pangunahing detalye ng kagamitan sa komunikasyong panradyo o ang lokasyon ng istasyon ng komunikasyong panradyo, sa nasabing aplikasyon. Ang petsa ng pagkaepektibo ng pagtalaga ng frequency ay hindi dapat lalagpas ng isang taon mula sa petsa ng pagkakatanggap ng aplikasyon.

8.5.2 Matapos makonsidera at maaprubahan ng aplikasyon, ang Tanggapan ng NBTC ay dapat mag-isyu ng mga pangunahing ebidensya sa karapatan sa paggamit ng frequency sa aplikante sa pagtalaga ng frequency.

8.5.3 Ang ahensiyang eksemte mula sa pagkalisensya ng komunikasyong panradyo sa ilalim ng Seksyon 6 ng Batas sa Komunikasyong Panradyo ng 1955 at Susog, ay dapat magabiso sa mga detalye ng mga kaugnay sa pag-aari at paggamit ng mga kagamitan sa komunikasyong panradyo at pagkakatag ng istasyon ng komunikasyong panradyo na tinukoy ng Tanggapan ng NBTC bago ang petsa ng pagkaepektibo ng pagtalaga ng frequency sa ilalim ng Takda 8.5.1, ng hindi bababa sa limang (5) araw.

8.5.4 Ang ibang mga ahensiyang eksemte mula sa pagkalisensya ng komunikasyong panradyo sa ilalim ng Seksyon 6 ng Batas sa Komunikasyong Panradyo ng 1955 at Susog, ay dapat magsumite ng aplikasyon alinsunod sa Abiso ng Komisyon sa Pambansang Pagsasahimpapawid at Telekomunikasyon sa Pagtataglay at Paggamit ng Mga Kagamitan sa Komunikasyong Panradyo at Pagkakatag ng Istasyon ng Komunikasyong Panradyo sa mga parting kaugnay bago pa man ang petsa ng pagkaepektibo ng pagtalaga sa frequency na tinukoy sa Takda 8.5.1, ng hindi bababa sa limang (5) araw.

8.5.5 Kung ang aplikante sa pagtalaga ng frequency ay hindi maisakatuparan ang mga nasa ilalim ng Takda 8.5.3 o 8.5.4, ituturing na ang karapatan sa paggamit ng frequency ay walang bisa.

Kabanata 2

Mga Tuntunin at Pamamaraan sa Konsiderasyon sa Pagtalaga ng Frequency

Takda 9 Ang pamantayang “first-come-first-serve basis” ay ang gagamitin sa pangkonsidera sa pagtatalaga ng frequency para sa lahat ng mga uri ng serbisyo sa komunikasyong panradyo maliban sa kaso ng pansamantalang pagtalaga ng frequency para sa pag-aaral, pananaliksik, eksperimento, o pagsusuri. Ang mga tuntunin at pamamaraan ay ang mga sumusunod.

9.1 Ang mga tuntunin sa konsiderasyon sa pagtatalaga ng frequency ay binubuo ng mga sumusunod:

9.1.1 Ang dahilan kung bakit kailangang mag-aplay para sa pagtatalaga ng frequency tulad ng kabiguan sa pag-upa sa paggamit ng kagamitang panserbisyo sa komunikasyong panradyo, walang iba pang mga alternatibong serbisyong pangtelekomunikasyon na ninanais sa lugar na paggamitan, problemang interperensya sa frequency na kung saan ang aplikante ay na-interfere o nagiging sanhi ng interperensiya ng hindi sapat na frequency ay dati ng naitalaga, atbp.

9.1.2 Pagkakasunod o konsistent sa Master Plan ng Pamamahala ng Frequency, Pambansang Talaan ng Dalas ng Pagtatalaga ng Frequency, Master Plan sa Serbisyo sa Sound Broadcasting at Television Broadcasting, Plano sa Radio Frequency, o kaugnay na Mga Abiso ng NBTC

9.1.3 Pagkakasunod sa layunin at misyon ng ahensiya

9.1.4. Pagkakasunod ng paggamit ng mga kagamitan at aparatong pangtelekomunikasyon kasama ang Abiso sa Mga Pamanatayang Teknikal at Kaugnay na Pamantayan sa Inspeksyon at Sertipikasyon

9.1.5 Pagkakasunod sa kasunduan ng integrasyon at pagtatalaga ng frequency sa mga lugar ng border

9.1.6 Kahusayan at pagiging karapatdapat ng paggamit ng frequency

9.1.6.1 Ang paggamit ng frequency ay hindi dapat maging sanhi ng interperensya sa antas ng intensity kontra sa paggamit ng pangdomestiko at pang-internasyonal na frequency.

9.1.6.2 Ang paggamit ng frequency ay hindi dapat magdulot ng epekto patungo sa istasyon ng inspeksyon ng NBTC para sa paggamit ng frequency.

9.1.6.3 Ang paggamit ng frequency ay hindi dapat maging kalabisan sa probisyong serbisyo ng telekomunikasyon sa katangian na paggamit ng mga kapwa frequency at paggamit ng mga katulad o parehong frequency.

9.1.6.4 Ang paggamit ng frequency ay kapaki-pakinabang samantalang ang bandwidth o bilang ng mga radio frequency o mga channel ng radyo ay dapat na pare-pareho sa traffic load.

9.2 Mga hakbang sa pangkonsidera sa pagtatalaga ng frequency ay dapat magtaglay ng mga sumusunod

9.2.1 Ang Tanggapan ng NBTC ay dapat ikonsidera ang aplikasyon at dokumentaryong katibayan gamit ang bawat takda ng mga tuntunin sa ilalim ng Takda 9.1. Gayunpaman, ang Tanggapan ng NBTC ay maaaring pumili ng ibang mga radio frequency o mga channel ng radyo sa Pambansang Talaan ng Mga Alokasyon ng Frequency o Plano sa Radio Frequency para sa paggamit sa ilalim ng mga kondisyon na iniatas ng NBTC para sa pagtatalaga sa aplikante sa pagtatalaga ng frequency. Ang pahintulot ay ipagkakaloob ng aplikante sa pagtatalaga ng frequency bago ang pagpapatupad sa kaugnay na bahagi.

9.2.2 Sa kaso ng pagtatalaga ng frequency sa Pambansang Talaan ng Mga Alokasyon ng Frequency

9.2.2.1 Kung ang resulta ng konsiderasyon sa ilalim ng Takda 9.2.1 ay wasto at kumpleto, ang Tanggapan ng NBTC ay magpapanukala sa NBTC upang ikonsidera at aprubahan ang pagtatalaga sa frequency bago ang pagpapalabas ng NBTC ng ebidensiya ng katibayan sa

pagtatalaga ng frequency at lisensya ng komunikasyong panradyo (kung anuman) sa aplikante sa pagtatalaga ng frequency.

9.2.2.2 Kung nakumpleto ng Tanggapan ng NBTC ang pagpapatupad sa ilalim ng Takda 9.2.2.1 sa loob ng siyamnapung araw, ang Tanggapan ng NBTC ay dapat agad na ipaalam sa aplikante ng pagtatalaga ng frequency bilang pagkilala kasama ang dahilanan. Sa pagtatapos ng konsiderasyon, ang Tanggapan ng NBTC ay magbibigay abiso sa aplikante sa pagtatalaga ng frequency tungkol sa pagkilala sa resulta ng konsiderasyon sa loob ng pitong araw.

9.2.3 Sa kaso ng pagtatalaga ng frequency sa ilalim ng Plano sa Radio Frequency o sa mga kaugnay na Mga Abiso ng NBTC

9.2.3.1 Kung ang resulta sa konsiderasyon sa ilalim ng Takda 9.2.1 ay wasto at kumpleto, ang Kalihiman ng NBTC ay dapat ikonsidera at aprubahan ang pagtatalaga ng frequency at ipalabas ang katibayan ng pagtatalaga ng frequency at lisensya ng komunikasyong panradyo (kung mayroon man) sa aplikante sa pagtatalaga ng frequency.

9.2.3.2 Ang Tanggapan ng NBTC ay dapat kumpletuhin ang pagpapatupad sa ilalim ng Takda 9.2.3.1 sa loob ng tatlung araw. Kung ang pagkaantala sa pagpapatupad ay higit sa tinukoy na panahon, ang Tanggapan ng NBTC ay dapat agad na ipaalam sa aplikante sa pagtatalaga ng frequency para sa pagkilala kasama ang dahilanan. Pagkatapos makumpleto ang konsiderasyon, ang Tanggapan ng NBTC ay magbibigay abiso sa aplikante ng pagtatalaga ng frequency para sa pagkilala sa resulta ng konsiderasyon sa loob ng pitong araw.

9.2.4 Sa kaso ng pagtatalaga ng frequency para sa pang-estadong seguridad

9.2.4.1 Kung ang resulta ng konsiderasyon sa ilalim ng Takda 9.2.1 ay wasto at kumpleto, ang Tanggapan ng NBTC ay magpapanukala alinsunod sa mga Abiso sa Patnubay sa Pagtatalaga ng Service Frequency sa Komunikasyong Panradyo para sa Pang-estadong Seguridad bago ang kahilingan sa pagapruba ng pagtatalaga ng frequency sa ilalim ng Takda 9.2.2 o 9.2.3, sa kasong kinakailangan.

9.2.4.2 Ang Tanggapan ng NBTC ay dapat kumpletuhin ang pagpapatupad sa ilalim ng Takda 9.2.4.1 sa loob ng isang daan at dalawampung araw. Kung ang pagkaantala sa pagpapatupad ay higit sa tinukoy na panahon, ang Tanggapan ng NBTC ay dapat agad na ipaalam sa aplikante sa pagtatalaga ng frequency para sa pagkilala kasama ang dahilanan. Pagkatapos makumpleto ang konsiderasyon, ang Tanggapan ng NBTC ay magbibigay abiso sa aplikante ng pagtatalaga ng frequency para sa pagkilala sa resulta ng konsiderasyon sa loob ng pitong araw.

9.2.4.3 Sa kaso na ang mga grupo o mga sub-committee sa ilalim ng Abiso sa Komisyon sa Pambansang Pagsasahimpapawid at Telekomunikasyon sa Patnubay sa Pagtatalaga ng Service Frequency sa Komunikasyong Panradyo para sa Pang-estadong Seguridad ay nabigong gampanan ang tungkulin nito at nagreresulta sa kabiguan upang makumpleto ang pagpapatupad sa loob ng tinukoy na takdang panahon sa ilalim ng Takda 9.2.4.2, ang Tanggapan ng NBTC ay isasakatuparan ang nasa ilalim ng Takda 9.2.2 o 9.2.3, sa kasong kinakailangan.

9.2.5 Sa kaso na ang pagtatalaga ng frequency sa ilalim ng kasunduan sa integrasyon ng frequency at pagtatalaga sa mga border ng mga katabing bansa.

9.2.5.1 Kung ang resulta ng konsiderasyon sa ilalim ng Takda 9.2.1 ay wasto at kumpleto, ang Tanggapan ng NBTC ay magpapanukala alinsunod sa mga kaugnay na kasunduan sa integrasyon ng frequency at pagtatalaga sa mga border ng mga katabing bansa. Kung ito ay frequency para sa pang-estadong seguridad, ang Tanggapan ng NBTC ay dapat isakatuparan ang mga nasa ilalim ng Takda 9.2.4 sa pagsang-ayon ng nasabing ganooong kasunduan.

9.2.5.2 Ang Tanggapan ng NBTC ay dapat kumpletuhin ang pagpapatupad sa ilalim ng Takda 9.2.5.1 sa loob ng isang daan at limampung araw. Kung ang pagkaantala sa pagpapatupad ay higit sa tinukoy na panahon, ang Tanggapan ng NBTC ay dapat agad na ipaalam sa aplikante sa pagtatalaga ng frequency para sa pagkilala kasama ang dahilanan. Pagkatapos makumpleto ang konsiderasyon, ang Tanggapan ng NBTC ay magbibigay abiso sa aplikante ng pagtatalaga ng frequency para sa pagkilala sa resulta ng konsiderasyon sa loob ng pitong araw.

9.2.5.3 Kung ang mga katabing bansa ay hindi magbigay pahintulot sa paggamit ng frequency sa ilalim ng kasunduan sa mga border na lugar, ang Tanggapan ng NBTC ay dapat mabigay abiso sa aplikante ng pagtatalaga ng frequency para sa pagkilala sa resulta ng konsiderasyon sa loob ng pitong araw mula sa araw ng pagkakatanggap ng resulta ng konsiderasyon mula sa mga kaugnay na bansa na katabing teritoryo.

9.2.6 Kung ang resulta ng konsiderasyon sa ilalim ng Takda 9.2.1 ay hindi wasto at hindi kumpleto, ang Tanggapan ng NBTC ay magbibigay abiso sa aplikante ng pagtatalaga ng frequency para sa pagkilala sa resulta ng konsiderasyon kasama ang mga kadahilanan sa loob ng pitong araw mula sa araw ng pagkakumpleto ng konsiderasyon.

Kabanata 3

Mga Tuntunin at Kondisyon sa Pagtatalaga ng Frequency

Takda 10 Ang pagkabisa ng pagtatalaga ng frequency ay nakatakda ng hindi hihigit sa limang taon kada beses.

Takda 11 Sa kaso kung saan ang paggamit ng frequency ay nagiging sanhi ng interperensya laban sa paggamit ng frequency ng ibang tao na naunang nalisensiyado, ang taong nakatalaga para sa frequency ay ang may pananagutan upang agad na ipaalam sa Tanggapan ng NBTC para sa pagkilala upang matukoy ang sanhi ng interperensya na naganap. Ang taong nakatalaga para sa frequency ay dapat makipagtulungan upang malutas ang problema sa interperensyang naganap, at tanggapin ang pananagutan sa mga nakasalalay na gastos mula sa paglutas ng problema sa interperensya. Kung ang interperensya sa paggamit ng frequency ay hindi malulutas sa loob ng tatlung araw mula sa petsa ng pag-abiso ng Tanggapan ng NBTC, ang taong nakatalaga para sa frequency ay dapat agad na isuspinde ang paggamit ng frequency at isumite ang aplikasyon upang humiling ng pagtatalaga ng frequency kapalit ng pangunahing frequency.

Takda 12 Sa kaso kung saan napatunayan at nabatid ng Tanggapan ng NBTC na ang taong nakatalaga para sa frequency ay hindi gumamit ng frequency sa magkasunod na panahon na mas mahaba kaysa sa dalawang linggo, ang Tanggapan ng NBTC ay maglalabas ng kasulatang abiso na nakatalaga para sa frequency para sa pagkilala. Kung ang nakatalaga para sa frequency ay hindi nagpapadala ng sulat ng paglilinaw kasama ang mga katwiran sa loob ng animnapung araw mula sa itinakdang petsa sa sulat ng Tanggapan ng NBTC, ang Tanggapan ng NBTC ay magsumite ng nakasulat na abiso sa taong nakatalaga para sa frequency para sa muling pagkilala. Kung ang taong nakatalaga para sa frequency ay hindi nagpapasa ng kasulatan ng paglilinaw kasama ang mga katwiran sa loob ng animnapung araw mula sa

itinakdang petsa sa sulat ng Opisina ng NBTC No. 2, ang Tanggapan ng NBTC ay magpapanukala ng sa NBTC upang ikonsidera ang pagkansela sa pagtatalaga ng frequency ayon sa naangkop na kaso.

Takda 13 Sa kaso kung saan ang Tanggapan ng NBTC ay magberipika at maghanap puna sa ang alinman sa isa o higit pang mga kaso tulad ng sumusunod.

13.1 Ang paggamit ng frequency na nagdudulot ng interperensiya sa antas ng intesidad laban sa paggmit ng pangdomestiko at pang-internasyonal na frequency

13.2 Ang paggamit ng frequency ay nabigong sumunod sa kasunduan sa integrasyon at pagtatalaga ng frequency sa mga border;

13.3 Pahintulot na binibigay sa ibang tao upang gumamit ng frequency ng parte o buo ng walang pahintulot ng NBTC;

13.4 Hindi pagsunod sa mga prinsipyo, regulasyon, abiso, panuntunan, pamamaraan at kondisyon na itinakda ng NBTC

Ang Tanggapan ng NBTC ay dapat mag-utos na pansamantalang isuspinde ang pagtatalaga ng frequency at hindi ipagpatuloy ang paggamit ng kaugnay na lisensya sa komunikasyong panradyo at magsumite ng nakasulat na paunawa sa taong nakatalaga para sa frequency para sa pagkilala upang agad na tapusin ang paggamit ng frequency at paglutas ng problema. Ang taong nakatalaga para sa frequency ay dapat mag-ulat ng progreso ng paglutas ng problema para sa pagkilala ng Tanggapan ng NBTC tuwing animnapung araw mula sa ipinakitang petsa sa nakasulat na paunawa para sa suspensyon ng pagtatalaga ng frequency, at ipagpatuloy ang paggamit ng kaugnay na lisensya sa komunikasyong panradyo sa pansamantalang batayan. Kung ang problema ay hindi malulutas sa loob ng isang daan at dalawampung araw, ang Tanggapan ng NBTC ay magpapanukala sa NBTC upang higit pang ikonsidera ang pagkansela ng pagtatalaga ng frequency ayon sa naangkop na kaso.

Kabanata 4

Kabayaran

Takda 14 Ang non-reclaimable application consideration fee na 5,000 Baht ay hindi naangkop sa mga sumusunod na mga kaso.

14.1 Sa kaso ng pansamantalang pagtatalaga ng frequency maliban sa kaso ng pansamantalang pagtatalaga ng frequency para sap ag-aaral, pananaliksik, eksperimento, o pagsusuri, ang Abiso ng Komisyon sa Pambansang Pagsasahimpapawid at Telekomunikasyon sa Mga Tuntunin sa Paglisensiya sa Paggamit ng Mga Radio Frequency para sa Pansamantalang Eksperimento o Pagsusuri sa Mga Serbisyo sa Komunikasyong Panradyo at Mga Telekomunikasyon ay dapat sundin.

14.2 Sa kaso ng kanselasyon ng pagtatalaga ng frequency

14.3 Sa kaso ng pagtatalaga ng frequency bilang kapalit sa pangunahing frequency

Takda 15 Ang kabayaran sa paggamit ng frequency ay dapay alinsunod sa kung anong tinukoy ng NBTC.

Takda 16 Ang kabayaran sa lisensya sa komunikasyong panradyo ay dapat alinsunod sa Abiso ng Komisyon sa Pambansang Pagsasahimpapawid at Telekomunikasyon sa Kabayaran sa Paglisensya sa Komunikasyong Panradyo

Kabanata 5

Pagbabago sa Saklaw ng Lisensiya ng Tinalagang Pangunahing Frequency

Takda 17 Ang taong nakatalaga para sa frequency na nagnanais magbago sa saklaw ng lisensiya ng tinalagang pangunahing frequency ay dapat magsumite ng aplikasyon ng naayon sa mga detalye sa Takda 7.

Takda 18 Ang mga tuntunin sa pagkonsidera sa mga pagbabago sa saklaw ng lisensiya ng tinalagang pangunahing frequency ay kinabibilangan ng mga sumusunod.

18.1 Ang pagtatalaga ng frequency na may bisa o hindi pa expire pa sa petsa na kung saan natanggap ng NBTC ang aplikasyon

18.2 Mga tuntunin sa ilalim ng Takda 9.1

Takda 19 Ang mga hakbang sa pagkonsidera sa pagbabago sa saklaw ng lisensiya ng tinalagang pangunahing frequency ay binubuo ng mga sumusunod.

19.1 Ang Tanggapan ng NBTC ay dapat ikonsidera ang aplikasyon at mga dokumentaryong katibayan gamit ang bawat takda sa mga tuntunin sa ilalim ng Takda 18

19.2 Sa kaso na ang frequency ay nasa ilalim ng Pambansang Talaan ng Dalas ng Pagtatalaga ng Frequency

19.2.1 Kung ang resulta ng konsiderasyon sa ilalim ng Takda 19.1 ay wasto at kumpleto, ang Tanggapan ng NBTC ay magpapanukala sa NBTC na ikonsidera at aprubhan ang mga pagbabago sa sa saklaw ng lisensiya ng tinalagang pangunahing frequency bago pa man sa kanselasyon o pag-iisyu ng Kalihiman ng NBTC ng mga kaugnay na lisensya sa komunikasyong panradyo sa kaso na kinakailangan sa aplikante.

Sa kaso ng kanselasyon ng lisensya sa komunikasyong panradyo, ang Abiso ng Komisyon sa Pambansang Pagsasahimpapawid at Telekomunikasyon sa Pagtataglay at ang Paggamit ng Mga Kagamitan sa Komunikasyong Panradyo at Pagkakatatag ng Istasyon ng Komunikasyong Panradyo ay dapat sundin para sa pagpapatupad sa kaugnay na bahagi.

19.2.2 Ang Tanggapan ng NBTC ay dapat kumpletuhin ang pagpapatupad sa ilalim ng Takda 19.2.1 sa loob ng siyannapung araw. Kung ang pagkaantala sa pagpapatupad ay higit sa tinukoy na panahon, ang Tanggapan ng NBTC ay dapat agad na ipaalam sa aplikante para sa pagkilala kasama ang dahilanan. Pagkatapos makumpleto ang konsiderasyon, ang Tanggapan ng NBTC ay magbibigay abiso sa aplikante sa pagtatalaga ng frequency para sa pagkilala sa resulta ng konsiderasyon sa loob ng pitong araw.

19.3 Sa kaso ng frequency sa ilalim ng Plano sa Radio Frequency o mga kaugnay na Mga Abiso ng NBTC

19.3.1 Kung ang resulta ng konsiderasyon sa ilalim ng Takda 19.1 ay wasto at kumpleto, ang Kalihiman ng NBTC ay magkokonsidera at aprubhan ang mga pagbabago sa sa saklaw ng

lisensiya ng tinalagang pangunahing frequency, at kanselahin o mag-isyu ng mga kaugnay na lisensiya sa komunikasyong panradyo sa kaso na kinakailangan sa aplikante.

Sa kaso ng kanselasyon ng lisensiya sa komunikasyong panradyo, ang Abiso ng Komisyon sa Pambansang Pagsasahimpapawid at Telekomunikasyon sa Pagtataglay at ang Paggamit ng Mga Kagamitan sa Komunikasyong Panradyo at Pagkakatatag ng Istasyon ng Komunikasyong Panradyo ay dapat sundin para sa pagpapatupad sa kaugnay na bahagi.

19.3.2 Ang Tanggapan ng NBTC ay dapat kumpletuhin ang pagpapatupad sa ilalim ng Takda 19.3.1 sa loob ng tatlongpung araw. Kung ang pagkaantala sa pagpapatupad ay higit sa tinukoy na panahon, ang Tanggapan ng NBTC ay dapat agad na ipaalam sa aplikante para sa pagkilala kasama ang dahilanan. Pagkatapos makumpleto ang konsiderasyon, ang Tanggapan ng NBTC ay magbibigay abiso sa aplikante sa pagtalaga ng frequency para sa pagkilala sa resulta ng konsiderasyon sa loob ng pitong araw.

19.4 Sa kaso ng pagtatalaga ng frequency para sa pang-estadong seguridad

19.4.1 Kung ang resulta ng konsiderasyon sa ilalim ng Takda 19.1 ay wasto at kumpleto, ang Tanggapan ng NBTC ay magpapanukala alinsunod sa mga Abiso sa Patnubay sa Pagtatalaga ng Kaugnay na Frequency sa Komunikasyong Panradyo para sa Pang-estadong Seguridad bago ang kahilingan sa pagapruba ng pagtalaga ng frequency sa ilalim ng Takda 19.2 o 19.3, sa kasong kinakailangan.

19.4.2 Ang Tanggapan ng NBTC ay dapat kumpletuhin ang pagpapatupad sa ilalim ng Takda 19.2.4.1 sa loob ng isang daan at dalawampung araw. Kung ang pagkaantala sa pagpapatupad ay higit sa tinukoy na panahon, ang Tanggapan ng NBTC ay dapat agad na ipaalam sa aplikante para sa pagkilala kasama ang dahilanan. Pagkatapos makumpleto ang konsiderasyon, ang Tanggapan ng NBTC ay magbibigay abiso sa aplikante sa pagtalaga ng frequency para sa pagkilala sa resulta ng konsiderasyon sa loob ng pitong araw.

19.4.3 Sa kaso na ang mga grupo o mga sub-committee sa ilalim ng Abiso sa Komisyon sa Pambansang Pagsasahimpapawid at Telekomunikasyon sa Patnubay sa Pagtatalaga ng Service Frequency sa Komunikasyong Panradyo para sa Pang-estadong Seguridad ay nabigong gampanan ang tungkulin nito at nagreresulta sa kabiguan upang makumpleto ang pagpapatupad sa loob ng tinukoy na takdang panahon sa ilalim ng Takda 19.4.2, ang Tanggapan ng NBTC ay isasakatuparan ang nasa ilalim ng Takda 19.2 o 19.3, sa kasong kinakailangan.

19.5 Sa kaso na ang pagtatalaga ng frequency sa ilalim ng kasunduan sa integrasyon ng frequency at pagtatalaga sa mga border ng mga katabing bansa.

19.5.1 Kung ang resulta ng konsiderasyon sa ilalim ng Takda 19.1 ay wasto at kumpleto, ang Tanggapan ng NBTC ay magpapanukala alinsunod sa mga kaugnay na kasunduan sa integrasyon ng frequency at pagtatalaga sa mga border ng mga katabing bansa. Kung ito ay frequency para sa pang-estadong seguridad, ang Tanggapan ng NBTC ay dapat isakatuparan ang mga nasa ilalim ng Takda 19.4 sa pagsang-ayon ng nasabing ganoong kasunduan.

19.5.2 Ang Tanggapan ng NBTC ay dapat kumpletuhin ang pagpapatupad sa ilalim ng Takda 19.5.1 sa loob ng isang daan at limampung araw. Kung ang pagkaantala sa pagpapatupad ay higit sa tinukoy na panahon, ang Tanggapan ng NBTC ay dapat agad na ipaalam sa aplikante sa pagtatalaga ng frequency para sa pagkilala kasama ang dahilanan. Pagkatapos makumpleto ang konsiderasyon, ang Tanggapan ng NBTC ay magbibigay abiso sa aplikante ng pagtalaga ng frequency para sa pagkilala sa resulta ng konsiderasyon sa loob ng pitong araw.

19.5.3 Kung ang mga katabing bansa ay hindi magbigay pahintulot sa paggamit ng frequency sa ilalim ng kasunduan sa mga border na lugar, ang Tanggapan ng NBTC ay dapat mabigay abiso sa aplikante ng pagtatalaga ng frequency para sa pagkilala sa resulta ng konsiderasyon sa loob ng pitong araw mula sa araw ng pagkakatanggap ng resulta ng konsiderasyon mula sa mga kaugnay na bansa na katabing teritoryo.

19.6 Kung ang resulta ng konsiderasyon sa ilalim ng Takda 9.2.1 ay hindi wasto at hindi kumpleto, ang Tanggapan ng NBTC ay magbibigay abiso sa aplikante ng pagtatalaga ng frequency para sa pagkilala sa resulta ng konsiderasyon kasama ang mga kadahilanan sa loob ng pitong araw mula sa araw ng pagkakumpleto ng konsiderasyon.

Kabanata 6

Pagpapanibago sa Pagtatalaga ng Frequency

Takda 20 Ang Tanggapan ng NBTC ay dapat magbigay abiso sa taong nakatalaga para sa frequency upang magrenew ng pagkabisa ng pagtatalaga ng frequency ng hindi bababa sa animnapung araw bago pa ang petsa ng pagkawalang bisa. Kung ang taong nakatalaga para sa frequency ay nabigong magrenew ng pagtatalaga ng frequency sa nakatakdang iskedyul, ito ay hindi maaaring isangguni bilang anumang dahilan o kundisyon.

Takda 21 Ang taong nakatalaga para sa frequency na nagnanais na magrenew ng pagtatalaga ng frequency ay dapat magsumite ng aplikasyon ayon sa mga bawat detalye sa Takda 7. Sa kaso ng makatwirang paghihina na ang kagamitan sa komunikasyong panradyo ay mas mababa sa mga kaugnay na pamantayan, ang Tanggapan ng NBTC ay dapat mag-utos upang subukan ang kagamitan sa komunikasyong panradyo para sa kumpirmasyon na ang nasabing kagamitan na patuloy na gagamitin ay alinsunod sa Abiso ng Mga Pamanatayang Teknikal at Kaugnay na Pamantayan sa Inspeksyon at Sertipikasyon.

Takda 22 Mga tuntunin sa pagkonsidera ng pagpapanibago sa pagtatalaga ng frequency ay binubuo ng mga sumusunod

22.1 Ang mga hindi pa expired na pagtatalaga ng frequency sa araw na natanggap ng Tanggapan ng NBTC ang aplikasyon

22.2 Mga hindi nabagong mga teknikal na espesipikasyon sa kagamitan sa komunikasyong panradyo

22.3 Mga dokumento ng resulta ng pagsusuri sa kaso ng kautusan ng Tanggapan ng NBTC sa pagsusuri sa mga kagamitan sa komunikasyong panradyo

Takda 23 Ang mga hakbang sa pagkonsidera sa pagpapanibago o renewal na pagtatalaga ng frequency ay binubuo ng mga sumusunod

23.1 Ang Tanggapan ng NBTC ay dapat ikonsidera ang aplikasyon gamit ang bawat takda ng mga tuntunin sa ilalim ng Takda 22. Sa panahon ng konsiderasyon sa pagrenew sa pagtatalaga ng frequency, ang taong taong nakatalaga para sa frequency ay maaari pa ring gamitin ang frequency hanggang maabisuhan sa resulta ng konsiderasyon mula sa Tanggapan ng NBTC.

23.2 Kung ang resulta sa konsiderasyon sa ilalim ng Takda 23.1 ay wasto at kumpleto, ang Kalihiman ng NBTC ay dapat ikonsidera at aprubahan ang pagtatalaga ng frequency at ipalabas ang katibayan ng pagtatalaga ng frequency at lisensya ng komunikasyong panradyo (kung mayroon man) sa aplikante.

23.3 Ang Tanggapan ng NBTC ay dapat kumpletuhin ang pagpapatupad sa ilalim ng Takda 23.2 sa loob ng labinglimang araw. Kung ang pagkaantala sa pagpapatupad ay higit sa tinukoy na panahon, ang Tanggapan ng NBTC ay dapat agad na ipaalam sa aplikante para sa pagkilala kasama ang dahilanan. Pagkatapos makumpleto ang konsiderasyon, ang Tanggapan ng NBTC ay magbibigay abiso sa aplikante sa pagtatalaga ng frequency para sa pagkilala sa resulta ng konsiderasyon sa loob ng pitong araw.

23.4 Kung ang resulta ng konsiderasyon sa ilalim ng Takda 23.1 ay wasto at kumpleto, ang Tanggapan ng NBTC ay dapat magbigay abiso sa aplikante para sa pagkakakilala sa mga resulta ng konsiderasyon kasama ang mga kadahilan sa loob ng pitong araw mula sa petsa ng pagkakumpleto ng konsiderasyon.

Kabanata 7

Kanselasyon ng Pagtatalaga ng Frequency

Takda 24 Ang mga tuntunin at hakbang para sa pagkonsidera sa kanselasyon ng pagtatalaga ng frequency ay ang mga sumusunod.

24.1 Ang mga tuntunin sa pagkonsidera sa kanselasyon ng pagtatalaga ng frequency ay binubuo ng na ano man sa mga sumusunod na takda

24.1.1 Wala ng bisa or expired na pagtatalaga ng frequency

24.1.2 Intensyon ng taong nakatalaga sa frequency na kanselahin ang nakatalagang frequency sa pamamagitan ng pagsumite ng aplikasyon ayon sa bawat detalye sa ilalim ng Takda 7

24.1.3 Ang kautusan ng NBTC na kanselahin ang pagtatalaga ng frequency sa mga kadahilanan sa ilalim ng Takda 12 o 13

24.2 Mga hakbang sa pagkonsidera sa pagkansela ng pagtatalaga ng frequency ay binubuo ng mga sumusunod.

24.2.1 Sa kaso ng Takda 24.1.1, ang Tanggapan ng NBTC ay dapat kanselahin ang lisensya sa komunikasyong panradyo (kung mayroon man), at magsagawa alinsunod sa mga Abiso Komisyon sa Pambansang Pagsasahimpapawid at Telekomunikasyon sa Pagtataglay at Paggamit ng Mga Kagamitan sa Komunikasyong Panradyo at Pagkakatatag ng Istasyon ng Komunikasyong Panradyo sa mga parteng kaugnay bago pa man ang abiso para sa pagkilala ng taong nakatalaga sa frequency ng labinglimang araw mula sa araw ng pagkawalang bisa ng pagtatalaga ng frequency.

24.2.2 Sa kaso ng Takda 24.1.2, ang Tanggapan ng NBTC ay dapat kanselahin ang pagtatalaga ng frequency at lisensya sa komunikasyong panradyo (kung mayroon man) ng aplikante, at magsagawa alinsunod sa mga Abiso Komisyon sa Pambansang Pagsasahimpapawid at Telekomunikasyon sa Pagtataglay at Paggamit ng Mga Kagamitan sa Komunikasyong Panradyo at Pagkakatatag ng Istasyon ng Komunikasyong Panradyo sa mga parteng kaugnay bago pa man ang abiso para sa pagkilala ng taong nakatalaga sa frequency ng labinglimang araw mula sa araw ng pagkawalang bisa ng pagtatalaga ng frequency.

24.2.3 Sa kaso ng Takda 24.1.3, ang Tanggapan ng NBTC ay dapat kanselahin ang lisensya sa komunikasyong panradyo (kung mayroon man) ng aplikante, at magsagawa alinsunod sa mga Abiso Komisyon sa Pambansang Pagsasahimpapawid at Telekomunikasyon sa Pagtataglay at Paggamit ng Mga Kagamitan sa Komunikasyong Panradyo at Pagkakatatag ng Istasyon ng Komunikasyong

Panradyo sa mga parteng kaugnay bago pa man ang abiso para sa pagkilala ng taong nakatalaga sa frequency ng may labinglimang araw mula sa araw ng kapasyahan ng Tanggapan ng NBTC sa kanselasyon ng pagtatalaga sa frequency.

Mga Pansamantalang Probisyon

Takda 25 Ang taong nakatalaga sa frequency para sa serbisyo sa komunikasyong panradyo at ang may lisensya sa paggamit ng kagamitan sa komunikasyong panradyo bago pa man ang petsa ng pagkabisa patungkol rito ay dapat maisagawa sa ilalim ng Takda 6, at magbigay abiso sa mga detalye na may kaugnayan sa paggamit ng frequency kasama ang mga dokumentaryong katibayan sa paglisensiya na tinukoy ng Tanggapan ng NBTC sa natukoy na time frame ay ang mga sumusunod.

25.1 Sa loob ng animnapu't araw mula sa petsa ng pagkabisa patungkol sa kaso na ang petsa ng pagkawalang bisa ng lisensiya ay hindi nakaiskedyul sa pagtatalaga ng frequency para sa serbisyo sa komunikasyong panradyo o legal na lisensiya para sa paggamit ng kagamitan sa komunikasyong panradyo.

25.2 Sa loob ng isang daan at walumpu't araw mula sa petsa ng pagkabisa patungkol sa kaso na ang petsa ng pagkawalang bisa ng lisensiya ay hindi nakaiskedyul sa pagtatalaga ng frequency para sa serbisyo sa komunikasyong panradyo o legal na lisensiya para sa paggamit ng kagamitan sa komunikasyong panradyo.

Takda 26 Kung ang Tanggapan ng NBTC ay hindi natanggap ang mga detalye na kaugnay sa paggamit sa frequency kasama ang mga dokumentaryong katibayan sa paglisensiya sa loob ng tinukoy na panahon sa ilalim ng Takda 25, ang pagtatalaga sa frequency para sa mga serbisyo sa komunikasyong panradyo o lisensiya sa apaggamit ng mga kagamitan sa komunikasyong panradyo ay ituturing na wala ng bisa.

Takda 27 Sa konsiderasyon ng Tanggapan ng NBTC patungkol sa mga detalye na kaugnay sa paggamit sa frequency kasama ang mga dokumentaryong katibayan na itinuturing na tama, kumpleto, at naalinsunod sa Master Plan ng Pamamahala ng Frequency, Pambansang Talaan ng Dalas ng Pagtatalaga ng Frequency, Master Plan sa Serbisyo sa Sound Broadcasting at Television Broadcasting, Plano sa Radio Frequency, o iba pang mga kaugnay na Mga Abiso ng NBTC, ang Tanggapan ng NBTC ay dapat mag-isyu ng ebidensya sa pagtatalaga ng frequency kasama ang lisensiya sa komunikasyong panradyo (kung mayroon man), at gumawa ng iskedyul sa pagkabisa ng pagtatalaga ng frequency sa ilalim ng Takda 10 para sa taong nakatalaga sa frequency.

Takda 28 Ang lisensya sa paggamit ng kagamitan sa komunikasyon panradyo na ang pagkabisa ng lisensiya ay hindi pa naiikskedyul bagama't napagkaloob na bago pa man ang petsa ng pagkabisa, ito ay ituturing bilang pagtatalaga ng frequency at ipapatupad sa ilalim ng Takda 25 o Takda 27.

Takda 29 Sa oras na ang NBTC ay hindi pa nag-aanunsyo sa nagtukoy sa kabayaran sa paggamit ng frequency para sa pagkasingil sa rate na hindi bababa sa tinukoy na rate sa Abiso Ministro ng Teknolohiyang Pang-impormasyon at Komunikasyon sa Pagpapasiya ng Tagagamit ng Radio Frequency sa Pagbabayad sa Radio Frequency na napetsahan noong ika-10 ng Marso, 2003, hanggang sa ipahayag at tukuyin ng NBTC.

Takda 30 Ang abisong ito ay magkakaroon ng bisa isang daan at walumpu't araw mula sa petsa ng pagkakalathala sa Government Gazette.

Ipinahayaag noong ika-29 ng Marso, 2017.

Air Chief Marshal Thares Punsri

Tagapangulo ng Komisyon sa Pambansang Pagsasahimpapawid at Telekomunikasyon

Annex

Dokumentaryong Katibayan na Ginagamit bilang Pansuporta sa Aplikasyon sa Pagtalaga ng Frequency

Mga Kaso	Dokumentaryong Katibayan
Sa kaso ng pagtatatag ng pangkalahatang istasyon ng komunikasyong panradyo	<ol style="list-style-type: none"> 1. Kopya ng dokumentaryong katibayan na nagpapakita ng lokasyon ng istasyon ng komunikasyong panradyo 2. Liham ng pagsang-ayon sa pagtatatag ng istasyon ng komunikasyong panradyo sa kaso ng hindi tagahawak ng titulo 3. Kopya ng Permit para sa pagtatatag ng istasyong ng komunikasyong panradyo bilang kapalit ng mga dokumento sa Item 1 at 2
Sa kaso ng pagtatatag ng istasyon ng komunikasyong panradyo sa barko	<ol style="list-style-type: none"> 1. Kopya ng Pagpaparehistro ng Barko mula sa Harbour Department 2. Kopya ng Permit para sa Paggamit ng Ship mula sa Harbour Department 3. Kopya ng katibayan ng clearance sa customs formality 4. Kopya ng katibayan ng pagbili o pag-order
Sa kaso ng pagtatatag ng istasyon ng komunikasyong panradyo sa lugar ng daungan o sa baybayin para sa komunikasyon sa pagitan ng istasyon ng komunikasyong panradyo at daungan o sa baybayin	<ol style="list-style-type: none"> 1. Kopya ng dokumentaryong katibayan na nagpapakita ng lokasyon ng istasyon ng komunikasyong panradyo 2. Liham ng pagsang-ayon sa pagtatatag ng istasyon ng komunikasyong panradyo sa kaso ng hindi tagahawak ng titulo 3. Kopya ng Permit para sa pagtatatag ng istasyong ng komunikasyong panradyo bilang kapalit ng mga dokumento sa Item 1 at 2 4. Kopya ng permit para sa seaport business mula sa Harbour Department
Sa kaso ng pagtatatag ng istasyon ng komunikasyong panradyo sa sasakyang panghimpapawid	<ol style="list-style-type: none"> 1. Kopya ng Pagpaparehistro ng Aircraft mula sa Kagawaran ng Abyasyon Sibil 2. Kopya ng Sertipiko ng Airworthiness mula sa Kagawaran ng Abyasyon Sibil 3. Kopya ng katibayan ng clearance sa customs formality 4. Kopya ng katibayan ng pagbili o pag-order
Sa kaso ng pagtatatag ng istasyon ng komunikasyong panradyo para sa nabigasyong panghimpapawid	<ol style="list-style-type: none"> 1. Kopya ng Permit para sa Pagtatatag ng Paliparan mula sa Kagawaran ng Abyasyon Sibil 2. Kopya ng Permit para sa pagtatatag ng Temporary Runway mula sa Kagawaran ng Abyasyon Sibil
Sa kaso ng pagtatatag ng istasyon ng komunikasyong panradyo para sa air navigation safety zone na alinsunod sa Abiso ng Ministro ng Transportasyon	<ol style="list-style-type: none"> 1. Kopya ng dokumentaryong katibayan na nagpapakita ng lokasyon ng istasyon ng komunikasyong panradyo 2. Liham ng pagsang-ayon sa pagtatatag ng istasyon ng komunikasyong panradyo sa kaso ng hindi tagahawak ng titulo 3. Kopya ng Permit para sa pagtatatag ng istasyong ng komunikasyong panradyo bilang kapalit ng mga dokumento sa Item 1 at 2

Mga Kaso	Dokumentaryong Katibayan
	4. Kopya ng Permit para sa Konstruksiyon sa Air Navigation Zone mula sa Kagawaran ng Abyasyon Sibil
Sa kaso ng pagtatatag ng istasyon ng komunikasyong panradyo ng serbisyong pansatellite	1. Kopya ng dokumentaryong katibayan na nagpapakita ng lokasyon ng istasyon ng komunikasyong panradyo 2. Liham ng pagsang-ayon sa pagtatatag ng istasyon ng komunikasyong panradyo sa kaso ng hindi tagahawak ng titulo 3. Kopya ng Permit para sa pagtatatag ng istasyong ng komunikasyong panradyo bilang kapalit ng mga dokumento sa Item 1 at 2 4. Kopya ng kasunduan sa pag-upa para sa paggamit ng satellite signal (sa kaugnay na kaso)
Sa kaso ng aplikasyon sa pagtatalaga sa pagbabahagi ng frequency	1. Liham ng pahintulot mula sa ibang taong napagtalagahan ng frequency na kapwa sa kaso ng paggamit ng parehas na network at pagoverlap ng gumagamit na lugar 2. Ang iba pang katibayan ng dokumentaryo kung kinakailangan
Iba pang mga kaso	Ang mga kaugnay na Abiso ng NBTC ay dapat isangguni.

This translated version is prepared with the sole purpose of facilitating the comprehension of foreign participants in the telecommunication rules and regulations and shall not in any event or by any reason be construed or interpreted as having effect in substitution for supplementary to the Thai version thereof. If its translation to other languages is in contrary to Thai version, the latter shall prevail.

Please note that the translation has not been subjected to an official review by the Office of the National Broadcasting and Telecommunications Commission. The Office of NBTC, accordingly, shall not undertake any responsibility for its accuracy, nor be held liable for any loss or damages arising from or in connection with its use.
